Rescinded: This document has been formally rescinded by the Department and remains available on the web for historical purposes only.

Ang Bagong Patnubay ay Sumusuporta sa Kusang Pagsisikap na Itaguyod ang Iba't ibang lahi at Bawasan ang Pagbubukod ayon sa Lahi sa Pag-aaral

DISYEMBRE 2,2011

Makipag-ugnayan sa:

Press Office, (202) 401-1576, press@ed.gov

Nagpalabas ngayon ang mga Kagawaran ng Hustisya at Edukasyon ng dalawang bagong dokumento ng patnubay—isa para sa mga distrito ng paaralan at isa naman para sa mga kolehiyo at unibersidad—na idinidetalye ang ipinagkaloob na kakayahang umangkop ng Korte Suprema sa mga institusyon ng edukasyon upang maisulong ang pagtanggap sa ibang lahi at, sa usapin ng elementarya at sekundarya, mabawasan ang pagbubukod sa mga kabilang sa ibang lahi sa mga mag-aaral batay sa pinahihintulutan at nakapaloob sa batas.

Nililinaw ng patnubay na maaaring isaalang-alang ng mga guro ang lahi ng mga mag-aaral sa mga plano na maingat na binuo upang maisulong ang pagtanggap sa ibang lahi o, sa edukasyon sa K-12, upang mabawasan ang pagbubukod sa mga kabilang sa ibang lahi na mga mag-aaral . Kinikilala nito ang mga kapakinabangan sa pag-aaral ng mga mag-aaral kapag ang mga kampus at paaralan ay kinabibilangan ng mga mag-aaral mula sa ibang lahi.

"Ang iba't ibang lugar ng pag-aaral ay nagtataguyod sa paglinang sa kakayahan sa pagsusuri, mabuwag ang "stereotypes", at maihanda ang mga mag-aaral na magtagumpay sa mundo na patuloy na nagiging magkaka-ugnay" sabi ni Pangunahing Abogado (Attorney General) Eric Holder. "Ang ipinahayag na patnubay ngayon ay makatutulong sa mga institusyon ng edukasyon sa kanilang pagsisikap na magbigay ng tunay na pantay-pantay na oportunidad at ganap na mapatupad ang pangako ng 'Brown laban sa Lupon ng Edukasyon' (Brown v. Board of Education)".

"Nananatili pa rin na karaniwan sa mga silid-aralan sa Amerika ang pagbubukod dahil sa lahi hanggang sa ngayon at patuloy pa rin itong tumataas," ayon naman kay Arne Duncan, Kalihim ng Edukasyon. "Ipinagkakait nito sa ating mga anak ang karanasang kinakailangan nila upang magtagumpay sa isang pandaigdigang ekonomiya, kung saan ang mga employer, mga kasamahan sa trabaho, at kustomer ay darami ang magkakaibang lahi. Itinataguyod din nito ang hindi pagkakapantay-pantay sa edukasyon, na hindi naaayon sa mga pangunahing pinahahalagan ng Amerika."

Ang Patnubay ay pangunahing nakabatay sa tatlong pasya ng Korte Suprema, "Mga Magulang na Kasali sa Mga Paaralan sa Komunidad laban sa Seattle School District No. 1, Grutter v. Bollinger at Gratz v. Bollinger"

Rescinded: This document has been formally rescinded by the Department and remains available on the web for historical purposes only.

(Parents Involved in Community Schools v. Seattle School District No. 1, Grutter v. Bollinger and Gratz v. Bollinger), kung saan partikular nitong tinugunan ang pagsaalang-alang sa lahi sa mga institusyon ng edukasyon . Dagdag pa dito, nagbibigay ang patnubay ng maraming halimbawa ng mga opsyon na maaaring isaalang-alang ng mga paaralan at postsecondary na institusyon upang mas mapalakas ang pagtanggap sa ibang mga lahi o mabawasan ang pagbubukod sa mga kabilang sa ibang lahi. Para sa mga paaralan na K-12, tinatalakay ng patnubay ang pagpasok sa paaralan at sa programa nito, kasama ang mga hangganan sa pagpasok sa paaralan, pag-aayos sa grado at pagbabago sa mga feeder pattern, at mga iba pang pagpipilian. Ang patnubay para sa institusyon sa postsecondary ay naglalarawan kung paano ang lahi ay maaaring isaalang-alang sa pagtanggap sa mag-aaral, sa mga nakahanay na programa, sa pagkalap, at sa pagpapayo, pagtuturo, pananatili at mga programang pang-suporta bilang pagsisikap na matamo ang pagkakaroon ng iba't ibang lahi.

Binabalangkas ng patnubay ang mga pamantayan na naayon sa batas sa ilalim ng Sugnay ng Patas na Proteksyon ng Ikalabing-Apat na Pagsusog at Mga Titulo IV at VI ng Mga Batas Sibil ng 1964 (Equal Protection Clause of the Fourteenth Amendment and Titles IV and VI of the Civil Rights Act of 1964), na ipinatutupad ng mga Mga kagawaran. Ang mga naunang patnubay na ipinalabas noong Administrasyon ni Bush noong 2008 ay binabawi na ngayon.

Upang repasuhin ang patnubay, pakibisita ang:

- DCL: http://www2.ed.gov/about/offices/list/ocr/complaintintro.html.
- Patnubay sa PSE: http://www2.ed.gov/about/offices/list/ocr/docs/guidance-pse-201111.html
- Patnubay sa ESE: http://www2.ed.gov/about/offices/list/ocr/docs/guidance-ese-201111.html

Para sa karagdagang impormasyon hinggil sa Tanggapan ng Karapatang Sibil ng Kagawaran ng Edukasyon, pakibisita ang http://www2.ed.gov/about/offices/list/ocr/index.html. Para sa karagdagang impormasyon hinggil sa Seksiyon sa Mga oportunidad sa Edukasyon ng Tanggapan ng Karapatang Sibil ng Kagawaran ng Hustisya, pakibisita ang http://www.justice.gov/crt/edo/.

# # #